# Paghawan sa Kritikal na Pagtuturo ng Wika sa Kolehiyo: Pagsusuri ng mga Kurso sa Filipino na Iniluwal ng Pakikibaka ng Tanggol Wika

*Crizel Sicat-De Laza*
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
*cpsicatdelaza@up.edu.ph*

## ABSTRAK

Nagbago ang nilalaman ng General Education Curriculum (GEC) sa kolehiyo dahil sa pagpapatupad ng CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, series of 2013. Sa partikular, naging sanhi ito ng pagkakaalis ng kursong Filipino at Panitikan. Ang matinding protesta laban sa kautusan ay nagbunsod ng pagkakabuo ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika), isang malawak na alyansang binubuo ng mga organisasyong pangwika, akademikong institusyon, guro, at mag-aaral. Iba't iba ang naging tugon ng mga kolehiyo at unibersidad, partikular sa mga intitusyong naging miyembro ng Tanggol Wika. Ang ilan ay tuluyang nag-alis ng Filipino habang ang iba ay nakapaggiit na magkaroon ng ilang yunit sa mataas na antas ng

edukasyon. Nagkaroon ng iba't ibang hugis ang mga bagong kurso sa Filipino, kalakhan ay gumamit o umangkop sa mga silabus na binuo ng Tanggol Wika habang ang iba ay bumuo ng sariling mga kurso sa wika at pani tikan sa gabay ng alyansa. Sa ganitong kalagayan, layunin ng pag-aaral na matalakay ang pagsisimula ng Tanggol Wika bilang tagapagtaguyod ng kritikal at transpormatibong edukasyon at masuri ang mga piling kursong iniluwal ng pakikibaka ng alyansa. Ang mga sinuring silabus ng kurso: "Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino" ng Tanggol Wika, "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology ay kakikitaan ng mga batayang prinsipyo ng kritikal at transpormatibong pagtuturo ng wika. Sa pagsusuri ng mga layunin, tema at paksa, pamamaraan at pagtatasa ng pagkatuto, napatunayang malaki ang potensiyal ng mga sinuring kurso sa paghawan ng kritikal at transpormatibong pagtuturo ng Filipino sa mataas na antas ng edukasyon, at malaki ang naging impluwensiya ng pakikibaka ng Tanggol Wika sa naging tunguhin ng mga kursong ito.

## *ABSTRACT*

*The implementation of CHED Memorandum Order (CMO) No. 20 Series 2013, otherwise known as the revised General Education Curriculum (GEC), excluded the Filipino and Literature subjects at the tertiary level. This mandate was met with a strong protest that led to the formation of Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Alliance of Defenders of the Filipino Language) or Tanggol Wika - a nationwide movement composed of linguistic organizations, academic institutions, teachers, and students. The colleges and universities responded to the mandate in various ways. Some institutions removed Filipino from their course offerings, while those colleges and universities that had affiliations*

*with Tanggol Wika remained firm to still include Filipino in their college curriculum. The colleges and universities that offer Filipino subjects adapted the syllabus to their respective contexts. Most institutions used or modified the syllabus created by Tanggol Wika, while others created their own Filipino and Literature subjects. In this context, the study aims to examine the inception of Tanggol Wika as an advocate of critical and transformative education and to analyze selected courses that were generated through the struggle of the alliance. The various Filipino course syllabi examined namely: (1) "Kon tekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino" developed by Tanggol Wika; (2) "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" by the Polytechnic University of the Philippines; and (3) "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" of the Mindanao State University-Iligan Institute of Technology, reflect the guiding principles of critical and transformative language teaching*

*Mga Susing Salita: Tanggol Wika, kritikal na pagtuturo ng wika, kritikal na pedagohiya, transpormatibong edukasyon, Filipino sa kolehiyo*

## Introduksiyon

Tuluyan nang inalis sa General Education Curriculum sa kolehiyo ang mga asignaturang Filipino sa pamamagitan ng Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) No. 20 Series 2013. Sa nabanggit na memorandum, inilatag ang iba't ibang bagong asignaturang ituturo bilang bahagi ng GEC sa kolehiyo na bumubuo sa 36 yunit ng mga pinagsama-samang 24 yunit na core courses ("Understanding the Self," "Readings in Philippine History," "The Contemporary World," "Mathematics in the Modern World,"Purposive Communication," "Art Appreciation," "Science, Technology, and Society" at "Ethics"), electives na 9 yunit at pipiliin mula sa mga larangan ng "Mathematics, Science and Technology," "Social Sciences and Philosopy," at "Arts and Humanities" at kurso sa Rizal na 3 yunit. Ang 36 yunit na ito ay malayo mula sa dating bilang na mahigit 60 yunit na GE na itinuturo sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo sa buong Pilipinas. Tinanggal ang Filipino sa listahan ng mga kurso at pinalitan ng "Purposive Communication" na nag-iisang kurso sa wika at komunikasyon. Kapansin-pansin na wala na ang Filipino sa mga batayang kurso sa kolehiyo habang malinaw na nakakiling bilang kurso sa Ingles ang "Purposive Communication."[1]

Ang mainit na pagtutol sa CMO No. 20 S. 2013 ay nagresulta sa malawakang pagsasama-sama ng mga tagapagtaguyod ng wikang Filipino. Binubuo ang Tanggol Wika ng iba't ibang organisasyong pangwika, mga departamento ng Filipino at iba pang akademikong yunit, mga guro at mag-aaral sa buong Pilipinas. Komprehensibong isinakasaysayan ni San Juan (2019) ang pagkabuo ng alyansa na nagmula sa mga indibidwal na pagpupunyagi ng ilang miyembro ng mga organisasyon at akademikong institusyon. Pormal na binuo ang alyansa sa pamamagitan ng isang konsultatibong forum na isinagawa sa Pamantasang De La Salle noong Hunyo 21, 2014. Dito, pinagkaisahan ang mga pangunahing panawagan ng alyansa na: (1) panatilihin ang Filipino sa kolehiyo, (2) palakasin ito bilang wikang panturo, (3) rebyuhin at rebisahin ang CMO No. 20 S. 2013, at (4) itaguyod ang isang makabayang tipo ng edukasyon.

Ang pagkabuo ng Tanggol Wika bilang isang kilusang pangwika ay naghawan sa kritikal na pagsusuri sa kalagayan ng Filipino sa Pilipinas.

Bukod sa usapin ng pambansang wika, lumitaw sa mga nabuong diskurso ang susing papel nito sa paghubog ng makabayang tipo ng edukasyon sa pamamagitan ng kritikal na pagtuturo ng Filipino sa mataas na antas ng edukasyon. Binigyang-kahulugan ni Tollefson (2006) ang terminong "kritikal" sa konteksto ng pag-aaral ng wika at pananaliksik sa mga polisiyang pangwika. Ayon sa kaniya, ang kritikal ay tumutukoy sa tatlong bagay: (1) sa pagiging kritikal sa mga pananaliksik na tradisyonal ang perspektiba sa polisiya sa wika; (2) sa mga pananaliksik na ang layunin ay panlipunang pagbabago; at (3) sa mga pananaliksik na nasa balangkas ng kritikal na teorya halaw sa Marxistang kaisipan. Bagama't may pagkakaiba-iba at kung minsan ay may hindi pagkakasundo sa hanay ng mga kritikal na iskolar, sa kabuuan, ang mga pananaliksik at akda na nakahanay sa kritikal na teorya ay "nag-iimbestiga sa mga proseso kung saan ang di pagkakapantay sa lipunan ay sadyang ginagawa at pinananatili, at ng pakikibaka upang wakasan ito tungo sa pagkakamit ng hustisyang panlipunan" (pp. 43-44).

Sa larangan ng edukasyon, maiuugat din sa kritikal na tradisyon ang kritikal na pedagohiya at transpormatibong edukasyon ni Paulo Freire (1970). Sa pamamagitan ng nakuhang karanasan mula sa pagpapataas ng literasi ng mga nakatatanda sa mahihirap na komunidad ng Brazil, nanawagan si Freire para sa bagong relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral kung saan kailangang aktibong lumikha ng espasyo para sa pagkatutong magmumula sa magkabilang panig (Freire, 1970). Mahalaga ang 'praktika ng kalayaan' sa edukasyon, kung saan nangangahulugang ang tao ay kritikal na makikipag-ugnayan sa realidad at tutuklasin kung paanong makikibahagi sa pagbabago ng daigdig. Habang si Freire ang nagpunla ng idea, si Jack Mezirow naman ang magpapaunlad ng teorya ng transpormatibong edukasyon sa loob ng dalawang dekada. Bibigyang-depinisyon ni Mezirow ang transpormatibong edukasyon bilang uri ng "pagkatuto na mapagbago sa problematikong balangkas ng kaisipan – kasama ang pananaw, ugali, at kinasanayang pagsusuri sa ibat' ibang bagay – upang gawin itong inklusibo, bukas, repleksibo at may emosyonal na kahandaan sa pagbabago" (Mezirow, 1991, p. ). Katulad ni Freire, tinitingnan ni Mezirow ang edukasyon bilang aktibo at politikal na gawain.

Mula sa mga kaisipan ng kritikal at transpormatibong edukasyon, mahahalaw ang limang pangkalahatang katangian at batayang prinsipyo na gagabay sa pagtuturo ng wika. Una, ang pagtuturo ng wika ay isang politikal na proseso. Ibig sabihin, hindi pasibo at obhektibong tagalikha at tagatanggap ng kaalaman ang guro at mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. May tungkuling politikal din ang guro na pataasin ang kamalayan ng kaniyang mga mag-aaral at mahalagang maging malay kapuwa ang guro at mag-aaral sa mga panlipunang suliranin na nagmumula sa pagsasamantala at kawalan ng hustisya. Ikalawa, nakasentro sa pangangailangan at karanasan ng mga mag-aaral ang kritikal na pagtuturo ng wika. Sa halip na guro lang ang pinagmumulan ng kaalaman, tinitiyak dapat na katuwang ang mga mag-aaral sa produksiyon at konstruksiyon nito. Ikatlo, demokratikong espasyo ang klase sa wika. Dapat ay ligtas ang espasyo upang malayang makapagpahayag ng mga kritikal na opinyon o pananaw ang mga mag-aaral sa iba't ibang usaping panlipunan. Kaugnay nito, ang ikaapat ay pagtitiyak na dialohikal ang klase sa wika. Sa halip na iisa ang pinagmumulan ng impormasyon, kinakailangang magkaroon ng mas malalim na eksplorasyon ng mga kahulugan at ideya sa pamamagitan ng mga diyalogo at talakayan. Ikalima, ang mga kurso sa wika ay dapat na nakatuon sa pagpapalaya at panlipunang transpormasyon. Sapagkat instrumento ang wika ng pagpapataas ng kamalayan, marapat na ito ay dumulo sa pagkilos upang baguhin ang lipunan.

Ang pagkabuo ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wika o Tanggol Wika ay nakalinya sa kabuuang tunguhin ng kritikal at transpormatibong edukasyon. Nakaugnay sa kabuuang sosyo-ekonomikong kalagayan ng lipunang Pilipino ang pagsusuri ng Tanggol Wika sa sitwasyon ng Filipino at kung bakit ito unti-unting isinasantabi sa kurikulum. Malinaw sa mga prinsipyo ng alyansa na mahalaga ang isang pambansang wikang magbubuklod sa mga Pilipino, magiging daluyan ng makabayang diskurso at magdudulot ng panlipunang pagbabago. Bilang isang kilusang mahigpit na tinatanganan ang makabayang tipo ng edukasyon at pagtuturo ng wika, nabuo ang alyansa sa gitna ng mga pagkilos upang tutulan ang Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) No. 20 Series 2013 na nagtanggal ng mga asignatura sa Filipino sa General Education Curriculum (GEC).

Mahaba ang naging pakikibaka ng Tanggol Wika sa pagpapanatili ng Filipino sa kolehiyo. Sa bandang huli, tuluyang naalis sa GEC ang Filipino at Panitikan sa pamamagitan ng pinal na resolusyon ng Korte Suprema noong Marso 05, 2019, na nagpatibay sa pagiging konstitusyonal ng CMO 20 S. 2013 at kawastuan ng pagtatanggal ng Filipino at Panitikan sa mga kurso sa kolehiyo.

Iba't iba ang naging tugon ng mga kolehiyo at unibersidad sa pangyayaring ito. Habang ang ilan ay tuluyang nagtanggal ng mga kurso sa Filipino, ang ibang akademikong institusyon na aktibong naging miyembro ng Tanggol Wika ay nakapaggiit na mapanatili ito sa kanilang kurikulum. Ilan sa mga institusyong ito ang Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Manila at Mindanao State University – Iligan Institute of Technology (MSU-IIT) na kapwa nakapaggiit ng siyam (9) na yunit ng Filipino. Sa halip na alisin ang mga asignatura sa Filipino, sinamantala ng mga institusyong ito ang pagkakataon upang mas mapataas ang diskurso sa wika at kurikulum. Bilang bahagi ng mga pambansang pagkilos at gawain ng Tanggol Wika, nakapagsagawa ang PUP at MSU-IIT ng mga lokal na kilos-protesta, pakikipagdiyalogo sa kani-kaniyang administrasyon, worksyap sa kurikulum at paglalabas ng mga posisyong papel na nakalinya sa panawagan ng Tanggol Wika.

Sa kasalukuyan, ang PUP Manila ay mayroong siyam na yunit ng Filipino na: "Filipino at Pambansang Kaunlaran," "Pagsasalin sa Kontekstong Filipino at Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino" at tatlong yunit ng "Panitikang Panlipunan." Siyam na yunit din ang kursong Filipino sa MSU-IIT: FIL101-"Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan," FIL 102-"Ekokritisismo at Pagpapahalaga sa Kalikasan," at FIL 103-"Inobasyon sa Wikang Filipino." Ang pagbuo sa mga kursong ito ay dumaan sa mga worksyap na isinagawa ng Tanggol Wika kasama ang mga miyembrong institusyon nito. Bahagi ng panawagan ng alyansa na tumugon ang mga asignatura sa Filipino sa mga lokal at rehiyonal na pangangailangan ng mga unibersidad kung kaya't bumuo ang PUP Manila at MSU-IIT ng mga kursong distinktibo sa kanilang kalagayan. Upang gabayan din ang iba pang miyembrong institusyon na makabuo o humalaw ng kanilang mga kurso, binuo ng Tanggol Wika ang limang kurso sa kolehiyo. Kasama ng mga binanggit na kurso ng PUP Manila at MSU-IIT, dumaan din sa mga serye ng

worksyap at konsultasyon ang pagbuo ng mga silabus na ito na nilahukan ng mga kinatawan ng miyembrong organisasyon at akademikong institusyon sa buong Pilipinas. Ang limang kursong ito ay binubuo ng siyam na yunit sa wika at komunikasyon na: "Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino" (KOMFIL), "Filipino sa Iba't ibang Disiplina" (FILDIS), "Dalumat ng/sa Filipino" (DALUMATFIL) at anim na yunit sa panitikan na: "Sosyedad at Literatura o Panitikang Panlipunan" (SOSLIT) at "Sinesosyedad o Pelikulang Panlipunan (SINESOS)."

Sa kapakinabangan ng pag-aaral na ito, sinuri ang tatlong silabus na KOMFIL ng Tanggol "Wika, Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" ng PUP Manila, at "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" ng MSU-IIT[2]. Malayunin ang pagpili sa tatlong kursong ito sa pangunahing batayan na sa inisyal na pagtatasa ng mananaliksik sa mga deskripsyon ng kurso ng iba't ibang silabus ay pinakamalaki ang potensiyal ng mga kursong ito na tumugon sa mga batayang prinsipyo ng kritikal at transpormatibong pagtuturo ng wika. Hindi isinama ang mga kurso sa panitikan at nagbigay ng pokus sa mga kurso sa wika at komunikasyon. Malaking konsiderasyon din sa pagpili ang malaking ambag at aktibong pakikilahok ng mga proponente ng kurso sa kabuuang pakikibaka ng Tanggol Wika at ang malalim na impluwensiya ng pagkilos ng alyansa sa pagkabuo ng kanilang mga kurso sa kolehiyo.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kursong ito, sisikapin ng pag-aaral na makapag-ambag sa mga nauna nang pagsusuri sa mga kurso sa Filipino na nabuo ng iba't ibang unibersidad pagkatapos ng pakikibaka laban sa CMO 20 S. 2013 (Anot, 2020; Saguinsin, 2019; Albason, 2019). Kaiba sa mga naunang pag-aaral, partikular na tutugunan nito kung paanong nakapaggiit ang Tanggol Wika at mga miyembrong institusyon nito ng kanilang espasyo sa akademya na nakasandig sa pakikibaka at adbokasiya. Ipakikita nito kung paanong iniluwal ng pakikibaka ng Tanggol Wika ang mga bagong asignatura sa kolehiyo at potensiyal ng mga ito na maging lunsaran ng mga prinsipyo at pamamaraaan sa kritikal na edukasyong pangwika.

## Layunin ng Pag-aaral

Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na itong:

(1) Matalakay ang pagkabuo ng Tanggol Wika at ang simulain nitong nagtataguyod ng Kritikal at Transpormatibong Edukasyon;

(2) Masuri ang mga kursong iniluwal ng pakikibaka ng Tanggol Wika sa balangkas ng kritikal at transpormatibong pagtuturo ng wika; at

(3) Makapaglatag ng mga rekomendasyon kung paano pang patatatagin ang pagtuturo ng mga kurso sa Filipino na nasa balangkas ng Kritikal na Edukasyong Pangwika.

Kuwalitatibo at deskriptibo ang disenyo ng pag-aaral. Layunin nitong ilarawan ang kalagayan at naging anyo ng mga piling kurso sa kolehiyo sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri sa nilalaman ng mga silabus. Pagsusuri ng dokumento ang pangunahing pamamaraan na ginamit kung saan organisadong tinasa ang nilalaman ng mga silabus batay sa mga itinakdang pamantayan. Ang pagsusuri ay kinapalooban ng pagbibigay-kahulugan at pagsusuma ng iba't ibang bahagi ng silabus. Inorganisa ito batay sa mga pangkalahatang tema at kategorya na nakita mula sa tatlong kursong sinuri. Sapagkat pagsusuri ng dokumento ang pangunahing pinagmulan ng datos, may limitasyon ang pag-aaral sa mismong estratehiya at teknik na ginamit ng guro sa implementasyon ng kurso. Ang pamamaraan sa pagtuturo na sinuri ay batay lamang sa itinatakda o mungkahi ng silabus.

Upang suportahan at mapatunayan ang mga pagsusuring nabuo ng mananaliksik batay sa silabus, nagsagawa rin ng panayam sa mga susing tao mula sa mga natukoy na institusyon. Kinapanayam sina Prof. Jomar Adaya, Direktor ng Center for Philippine Studies ng PUP Maynila at Dr. Mary Ann Sandoval, Tagapangulo ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika sa MSU-IIT. Mga aktibong miyembro sila ng Tanggol Wika at at nanguna sa mga pagkilos at lokal na konsultasyon sa kanilang mga unibersidad. Tinalakay rin sa panayam ang naging pakikibaka ng mga guro

at mag-aaral na bahagi ng Tanggol Wika sa dalawang unibersidad upang mapanatili ang Filipino sa kurikulum.

## Tanggol Wika Bilang Tagapagtaguyod ng Kritikal at Transpormatibong Edukasyon

Pormal na nabuo ang Tanggol Wika sa isang konsultatibong forum noong Hunyo 21, 2014 sa Pamantasang De La Salle. Sinundan ito ng mga serye ng gawain na komprehensibong tumutok sa kampanya, edukasyon, at konsolidasyon ng alyansa. Simula 2014 hanggang kasalukuyan, nakapagsagawa na ng higit 200 simposyum, media forum, at kumperensiya sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas ang Tanggol Wika katuwang ang mga organisasyon at departamento sa Filipino ng mga kolehiyo at unibersidad. Kasabay ng mga gawaing pagmumulat sa mga administrador, guro, at mag-aaral, patuloy na isinagawa ng mga nanguna sa alyansa ang mga pakikipagdiyalogo sa mga ahensiya ng gobyerno gaya ng Comission on Higher Education (CHED) at Department of Labor and Employment (DOLE)[1,] at pagsusumite ng petisyon sa Korte Suprema. Ang mga gawaing ito ay karaniwang sinasabayan ng pagkilos sa lansangan na dinadaluhan ng libo-libong mag-aaral at guro. Kasabay ng selebrasyon ng Buwan ng Wika noong 2015, ginawang malikhain ang pagpakete sa mga mobilisasyon sa anyo ng Pistang Protesta sa Mendiola at Luksang Protesta sa CHED. Aktibo rin ang iba't ibang porma ng kampanya sa social media gaya ng pagpapalit ng profile picture sa Facebook, pangangalap at pagpapakita ng mga suporta ng mga kilalang personalidad at ordinaryong mamamayan sa kampanya, at pangangalap ng online signature. Sa kasalukuyan, may mahigit 54,000 followers ang Facebook page ng Tanggol Wika.

Bukod sa nabanggit na mga gawain, isa sa maituturing na pinakamalaking naging tagumpay ng pakikibakang legal ng Tanggol Wika ang Temporary Restraining Order (TRO) na inilabas ng Korte Suprema noong Abril 10, 2018. Sa kautusang ito, ipinatigil muna ang pagpapatupad ng CMO No. 20 S. 2013 partikular sa bahaging nag-aalis sa mga asignaturang Filipino at Panitikan hangga't hindi pa nagkakaroon ng pinal na desisyon ang K orte. Nagtulak ito sa muling pakikipagdiyalogo ng CHED at paglalabas ng CMO No. 4. Series of 2018 (Policy on the offering of Filipino and Panitikan subjects

in all Higher Education programs as part of the new general education curriculum). Sa pamamagitan ng memorandum na ito, itinakda sa akademikong taon 2018-2019 ang pagpapatuloy sa pagtuturo ng mga kursong Filipino at Panitikan habang naghihintay ng pinal na desisyon ng korte.

Kapansin-pansin sa mga nabanggit na gawain na bukod sa mga kampanyang legal, binigyang-diin ng Tanggol Wika ang mahalagang papel ng pagpapataas ng kamalayan ng mga guro at mag-aaral hinggil sa papel ng Filipino sa edukasyon at lipunang Pilipino. Sa pamamagitan ng mga talakayan at forum na isinagawa sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, kritikal nitong inugat ang suliranin ng wika sa Pilipinas sa mga neoliberal na polisiya sa ekonomiya at politika ng bansa. Nakaangkla ito sa mga pagsusuri ng mga kritikal na iskolar sa larangan ng wika na naging aktibong bahagi rin ng Tanggol Wika. Nauna nang ipinaliwanag ni Melania Flores (2011) kung paanong nagaganap ang marketisasyon ng wika sa edukasyon at nagsisilbing end at mean ang wikang Ingles sa mga patakarang pangwika gaya ng Executive Order Blng. 210 (Establishing the Policy to Strengthen the Use of English in the Educational System) at Gullas Bill o House Bill 8460 (An Act Providing for the Use of English as a Medium of Instruction in the Philippine Schools). Pahambing na sinuri ni Flores (2011) ang kurikulum sa mga asignaturang Ingles at Filipino at binigyang-diin na ang maka-Ingles na kurikulum ay nagsisilbi sa kolonyal, komeryalisado at represibong patakarang pang-edukasyon na tumutugon sa neoliberal na tipo ng ekomiya. Sinuri naman ni Gonzalo Campoamor II (2011) ang papel ng pagtuturo ng Ingles sa neoliberal na kaayusan ng ekonomiya. Ipinaliwanag ng kaniyang pag-aaral kung paanong binabansot ng kasalukuyang sistema ng edukasyon ang pambansang industriyalisasyon sa pamamagitan ng pagtuturo ng wikang Ingles na tumutugon sa pangangailangan ng pandaigdigang merkado ng paggawa.

Ang ganitong pagsusuri ay nakalinya sa pananaw ni Bourdieu (1991), na hindi lamang dapat ituring na paksa o "obheto ng pag-aaral" ang wika kundi instrumento ng kapangyarihan at aksiyon. Sa balangkas ni Bourdieu, ang produksiyon at reproduksiyon ng lehitimong wika ay isang sosyo-ekonomikong pangyayari. Resulta ito ng historikal na proseso na madalas ay kinasasangkutan ng tunggalian sa lipunan at nagaganap ang normalisasyon, inkulkasyon at lehitimisasyon ng wika sa pamamagitan ng

dalawang pamamaraan: pag-unlad ng sistema ng edukasyon kung saan pormal na edukasyon ang akses sa labor market at pormasyon ng labor market kung saan pinatatag ang ekonomiyang pinag-iisa ng lehitimong wika. Angkop sa karanasan ng Pilipinas ang proseso ng lehitimisasyon ng wikang Ingles na ibinunga ng kolonyal na tunggalian at pinatibay ng sistema ng edukasyon at labor market.

Kung ilalapat sa karanasan ng lipunang Pilipino ang linguistic unification na nangyari sa lipunang Pranses batay sa pagsasakasaysayan ni Bourdieu (1991), mauunawaan kung paano ring naganap ang lehitimisasyon ng wikang Ingles sa Pilipinas. Dinadakila ang Ingles sa lahat ng larangan habang nasa estado ng patuloy na paggigiit ang wikang Filipino. Kongkretong mararanasan ang paggigiit na ito sa iba't ibang larang, lalong-lalo na sa loob ng akademya, maging sa sistema ng paggawa. Para sa Tanggol Wika, ang ganitong sitwasyon ng mga wika sa Pilipinas ay kailangang maging bahagi ng mga kurso sa Filipino. Mabibigo ang pag-aaral at pagtuturo ng anumang wika kung nakapokus lamang ito sa kahusayan sa gramatikal na estruktura at binabalewala ang panlipunang papel nito.

Ganito ang balangkas ng pagsusuri ni De Quiros (1996) kung kaya't napagtanto niya na hindi lamang komunikasyon ang pangunahing gamit ng wika kundi susi o instrumento ito upang makapaghari sa isang tiyak na lipunan. Sa pagsasakasaysayan, ipinakita niya kung paanong epektibong nagamit ng mga Amerikano ang wikang Ingles sa sistematikong pananakop hindi lamang sa politika at ekonomiya kundi maging sa kultura at paraan ng pag-iisip ng mga Pilipino. Matalas ding sinuri ni De Quiros ang maling pananaw na umuunlad ang ekonomiya ng isang bansa kung mahusay mag-Ingles ang mga mamamayan nito. Masyadong simplistiko ang pagsusuri na ang kahusayan sa wikang Ingles ay magbibigay ng trabaho sa mga mamamayan na siyang makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya. Kung sisipatin ang karanasan ng iba pang bansang mauunlad, madadatnang hindi sila umasa sa Ingles bagkus ay sa sariling wika upang paunlarin ang agrikultura, siyensya, teknolohiya at industriya na mga gulugod ng maunlad na lipunan.

Susi ang mga pananaw na ito upang matalas na suriin ang posisyon ng mga wika sa Pilipinas at ipakita na sa kabila ng patuloy na pagpapatupad

ng mga patakarang pangwikang maka-Ingles ay salat sa kalidad ang sistema ng edukasyon at lugmok ang ekonomiya ng bansa. Ang Tanggol Wika, sa unang bahagi pa lamang ng kampanya noong 2015 ay nagsimula nang bumuo ng mga panukala para sa mga kurso sa antas kolehiyo. Bahagi ng adbokasiya na palawakin at palalimin ang paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan na sa palagay ng alyansa, magiging posible lamang kung ituturo sa mataas na antas ng edukasyon. Sa diyalogo, paulit-ulit ang pagpapaliwanag ng CHED na hindi tinanggal at bagkus ay ibinaba lamang sa Senior High School ang mga dating kurso sa kolehiyo na Komunikasyon sa Akademikong Filipino at Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Pinabulaanan ito ng Tanggol Wika at ipinakita na kapag inihanay ang mga kurso sa Senior High School at kolehiyo, tanging Filipino ang walang katapat na kurso sa antas kolehiyo (Pakikipagdiyalogo ng Tanggol Wika sa CHED, Hulyo 5, 2014; Hulyo 11, 2014; Hulyo 30, 2014). Sa argumento naman na magiging paulit-ulit lamang ang ituturong kurso sa Filipino pagdating sa kolehiyo, matalas na sinagot ng Tanggol Wika na kinakailangan pang palawakin at pataasin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga nilalaman ng mga kurso sa Senior High School. Sa katunayan ay marami pang larangan ng kaalaman sa Filipino ang hindi nito mahahagip gaya ng mga mahahalagang perspektiba at babasahin sa araling Pilipinas, panitikan, at pagsasalin (San Juan, 2013).

Mahalaga para sa Tanggol Wika na mapalalim ang paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan na magdudulot ng modernisasyon at intelektuwalisasyon nito. Malinaw din na ang tunguhing ito ay hindi lamang para sa mga nakapag-aral kundi upang maging sandata rin ito ng mga pinagsasamantalahan sa lipunan. Sa ganitong konteksto, iginiit ni Pamabansang Alagad ng Sining Bienvenido Lumbera (2000), naging aktibong bahagi rin ng Tanggol Wika, kung bakit kailangang lalong palakasin ang makabayang tipo ng edukasyon na pinadadaloy sa wikang Filipino at kung bakit lalong dapat patatagin ang isang wikang pambasa.

> "Ang usapin ng wikang pambansa ay usaping kinasasangkutan ng buhay ng milyon-milyong Pilipino na hindi nakapagsasatinig ng kanilang adhikain at pananaw sa kadahilanang ang nasa pamahalaan, paaralan at iba-ibang institusyong panlipunan ay sa Ingles nagpapanukala at nagpapaliwanag… Kailangan

nila ang wikang magiging daluyan ng kanilang mga hinaing, pangangatwiran at pagsasakdal, at ang wikang pambansa ang makapagdudulot nito sa kanila" (p. 130).

Kay Lumbera, malinaw na magsisilbi ang wikang pambansa sa mga api at pinagsasamantalahan at magdudulot sa kanila ng hustisyang panlipunan. Ganito rin ang pananaw ni Abueva (1995) nang maging priyoridad niya bilang dating Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas ang pagpapatupad ng UP Palisi sa Wika. Nakaangkla sa pagpapalakas ng pambansang wikang Filipino na nakasaad sa Konstitusyong 1987, binigyang-diin ni Abueva ang pangangailangang palakasin ang wikang pambansa sa nangungunang pamantasan sa Pilipinas. Ayon sa kaniya, ang paggamit ng wikang Filipino ay magbibigay-kapangyarihan sa nakararaming Pilipino na lumahok sa mga pagpapasiya at iba pang demokratikong proseso ng pamahalaan.

Malinaw ang kahalagahan ng isang wikang mapagbuklod bilang instrumento ng repormang panlipunan at pagkakaisa ng bayan. Mahalagang oryentasyon ito sa lahat ng nagtuturo at nag-aaral ng Filipino. Hindi lamang abstraktong nasyonalismo ang pagsuporta at pagpapalaganap ng wikang Filipino ngunit sa pinakakongkreto ay kailangang ilugar ito sa malawak na pangangailangang imulat ang sambayanan. Sa ganitong balangkasan, mas magiging matibay ang batayan at pangangailangan sa mga kursong Filipino sa kolehiyo.

## Pagsusuri sa mga Kursong Iniluwal ng Tanggol Wika

Sa pagpili ng mga kursong susuriin mula sa mga iniluwal na kurso ng pakikibaka ng Tanggol Wika, naging malaking konsiderasyon ng mananaliksik ang potensiyal nito na mailangkap ang kritikal at transpormatibong edukasyon. Ibinatay ito sa pangkalahatang deskripsyon ng mga kurso, mga paksa at pamamaraan ng pagtuturo. Ang KOMFIL ng Tanggol Wika ay nakatuon sa pakikinig at pagsasalita at inaasahang magpapalalim sa kakayahan sa komunikasyon sa wikang Filipino na nakakonteksto sa karanasan sa komunidad ng mga mag-aaral at kabuuang lipunang Pilipino. Ang "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" naman

ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pananaliksik at inaasahang magpapalalim sa kamalayan ng mga mag-aaral sa mga prinsipyo ng Filipinolohiya at pambansang kaunlaran na nakalapat sa karunungang Filipino. Ang "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" ay nakatuon sa kritikal na pag-aaral sa "ugnayan ng wika, kultura tungo sa mapayapa at maunlad na pamumuhay sa lipunan gamit ang pambansang wikang Filipino."

Ang pagsusuri ay hinati sa apat na mahahalagang bahagi sa disenyo ng instruksiyon ng kurso. Una, ang mga layunin ng kurso na nahahati sa kaalaman, kasanayan at halagahan kung saan makikita ang pangkalahatang inaasahang pagkatuto sa mga mag-aaral pagkatapos ng kurso. Ikalawa, sa tema at mga tiyak na paksa naman ay susuriin ang mga babasahin na batayan ng nilalaman ng bawat bahagi ng kurso. Ikatlo, sa pamamaraan, bibigyang-pansin ang iba't ibang estratehiya, teknik, at pagdisenyo ng mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto upang makuha ang angkop na kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Pinakahuli, sa pagtatasa ng pagkatuto, susuriin ang mga pamamaraan ng ebalwasyon, kapwa nagpapatuloy at pangwakas na mga pagtatasa, bilang batayan ng mga natutuhan ng mag-aaral.

## Layunin ng mga Kurso: Pagpapataas ng Kaalaman, Kasanayan, at Halagahang Makabayan

Nasa disenyong Outcomes-Based ang mga silabus na sinuri bilang pagtupad sa kahingian ng mga akademikong institusyon at CHED. Ang mga layunin na makikita sa silabus ay hinati sa kaalaman, kasanayan, at halagahan na karaniwang ayos din ng mga layunin sa anumang asignatura upang ipakita ang kognitibo at intelektuwal na kapakinabangan, mga kasanayang pauunlarin, at mga pagpapahalagang malilinang mula sa kurso. Sa Talahanayan 2, kapansin-pansin na ang tunguhin ng lahat ng layunin sa pagkatuto ay tungo sa pagpapaunlad ng kamalayang pansarili at lipunan. Estratehikal ang paglalatag ng mga layunin sa kursong "Wika at Kultura sa Malayang Lipunan" sa Kasanayan kung saan magmumula ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga minanang kaugalian sa pamilya tungo sa pananaliksik sa wika at kultura ng etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas.

Ang ganitong pamamaraan ng paglulugar ng sarili sa lipunan ay mabuting paraan upang hasain ang repleksibong pag-iisip ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1: *Mga Layunin sa Pagkatuto ng mga Kurso sa Filipino*

| | Kaalaman | Kasanayan | Halagahan |
|---|---|---|---|
| **Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino** | -Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektuwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa<br>- Matukoy ang mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa<br>- Makapagmungkahi ng mga solusyon sa mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa, batay sa pananaliksik Maipaliwanag ang mahigpit na ugnayan ng pagpapalakas ng wikang pambansa, pagpapatibay ng kolektibong identidad, at pambansang kaunlaran | -Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino<br>- Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino<br>- Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto<br>- Malinang ang Filipino bilang daluyan ng inter/ multidisiplinaring diskurso na nakaugat sa mga realidad ng lipunang Pilipino | - Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan<br>- Makapagbalangkas ng gabay etikal kaugnay ng paggamit ng iba't ibang porma ng midya<br>- Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya<br>- Makapag-ambag sa pagtataguyod ng wikang Filipino bilang daluyan ng makabuluhan at mataas na antas ng diskurso na akma at nakaugat sa lipunang Pilipino, bilang lunsaran sa mas mabisang pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan ng ibang bansa |
| **Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran** | - Maipaliwanag nang may husay ang kahulugan at kalikasan ng Filipinolohiya na nakaugnay sa Wikang Filipino at nasyunalismo, siyensya at mamamayan | - Makapaglahad ng kalagayan at halaga ng Filipinolohiya sa pamamagitan ng paglalatag ng sitwasyong pangkultura, pangwika at panlipunan sa bansa at ibang bansa. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | - Matukoy ang kronolohikal na kasaysayan ng Industriya sa/ng Bansa.<br>- Makapagtamo ng kaalaman at kasanayan sa Industriyal na Pananaliksik (critical research paper) pananaliksik Kritika sa industriya(critical paper on industry) | - Makapag-analisa ng kalagayan ng Pambansang Industriya sa Pilipinas at sa ibang Bansa<br>- Makapagpamalas ng awtentikong kaalaman batay sa Interaksiyon / Partisipasyon / Imersyon / Dokumentasyon sa aktuwal na industriya<br>- Makapagbuo ng artikulong Pananaliksik batay sa dokumentasyon ng industriya<br>-Makapagbahagi ng mga artikulong pananaliksik sa akademya at industriyang inaral | |
| **Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan** | - Nakapagpapahayag ng kahalagahan, kalikasan, at katangian ng wika at kultura;<br>-Nakatutukoy ng ilang mga termino na may kaugnayan sa wika at kultura | - Nakapagbabahagi ng sariling minanang kaugalian mula sa sariling ninuno o pamilya<br>- Nakapag-uulat tungkol sa estado ng kapayapaan ng isang lipunan sa pamamagitan ng mga kultural na salita ng ilang grupo o pangkat sa Pilipinas<br>- Nakapagmamasid at nakagagawa ng interbyu sa ilang grupo ng IP's sa Iligan at maiuulat ito sa klase<br>- Nakabubuo ng pananaliksik tungkol sa wika at kultura ng mga etnikong grupo ng Pilipinas at mailalahad ang uri ng lipunan | |

Walang inilatag na mga layunin sa halagahan ang silabus ng PUP at MSU-IIT. Bagama't hindi ito tinukoy sa latag ng silabus, ayon kina Dr. Jomar Adaya at Dr. Mary Ann Sandoval (personal na komunikasyon, Setyembre 26 at 29, 2021) mahalagang layunin ng mga kurso ang malalim na pag-unawa sa sarili, kapuwa at lipunan ng mga mag-aaral. Sa larangan ng edukasyong pangwika, tinitingnan ang integrasyon ng transpormatibong edukasyon bilang pagtuturo ng wika na labas pa sa pag-unawa sa gramatika, bagkus ay pag-uugat nito sa mahigpit na ugnayan ng karanasan ng tao at lipunan. Kapansin-pansin ang ganitong ugnayan sa mga layunin ng tatlong kursong sinuri. Kailangang maipaunawa sa mga mag-aaral kung paanong ang mga aralin sa wika ay instrumento sa malalim na pakikipagdiyalogo sa sarili kaugnay ng realidad at lunsaran ng mga diskursong politikal at panlipunan. Sa ganitong paraan, mas magiging aktibo at mapagpalaya ang anumang kurso sa wika. Ganito ang kinalabasan ng mga kaugnay na pag-aaral nina Manson, Poitras at Hong (2010), kung saan nakita na nagkaroon ng pag-unlad sa kakayahan sa pangalawang wika, tumaas ang kumpiyansa sa sarili at nagkaroon ng pagbabago sa perspektiba hinggil sa mga usaping pangwika, kultura at iba pang panlipunan isyu ang mga mag-aaral sa unibersidad na ginamitan ng pagdulog na kritikal at transpormatibo. Halos ganito rin ang kinalabasan ng pananaliksik ni Deveci (2014) na naglarawan sa karanasan sa transpormatibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Ingles bilang pangalawang wika sa School of Languages sa Turkey. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba't ibang personal at panlipunang suliranin, tumaas ang kamalayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika at kaalamang kultural.

## Tema at mga Tiyak na Paksa: Pag-ugat sa Sosyo-politikal na Kalagayan ng Lipunan

Mayaman sa nilalaman at mga paksang may kinalaman sa iba't ibang napapanahong usapin ang mga silabus ng tatlong kurso sa Filipino. Sa kabuuan, ang tema ng KOMFIL ay nakatutok sa mga gawain at sitwasyong pangkomunikasyon na nakakonteksto sa kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng mga komunikatibong gawain, pauunlarin at palalalimin ang kaalaman sa iba't ibang isyung pambayan habang nililinang din ang kasanayan sa wika at pagdidiskurso. Kalakasan ng silabus ang pagtitiyak na mapataas ang

kamalayan ng mga mag-aaral sa mga batayang suliranin ng lipunang Pilipino gaya ng korapsyon, kahirapan, kagutuman, mga sakuna, pagkasira ng kalikasan, at iba't ibang serbisyong panlipunan. Ang "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" naman ay nakapokus sa mga paksang may kinalaman sa papel ng Filipino sa pagpapaunlad ng mga pambansang industriya. Kalakasan ng silabus kung paanong itinatawid ang Filipinolohiya bilang diskursong makabayan sa pagsusuri ng bansot na mga industriya sa Pilipinas. Sa pamamagitan din ng mga talakayan at babasahin, matitiyak na kritikal ang magiging pagsusuri ng mga mag-aaral sa tunay at huwad na kaunlarang pan lipunan. Ang mga paksa naman sa "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" ay nagbibigay-diin sa halaga ng multikultural na pespektiba sa lipunang Pilipino bilang instrumento ng kapayapaan. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang kabuuang latag ng mga paksa sa silabus ng tatlong kurso.

Talahanayan: *Mga Tema at Paksang Tatalakayin sa mga Kurso sa Filipino*

| Kurso sa Filipino | Mga Paksang Tatalakayin |
|---|---|
| **Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino** | **- Introduksiyon: Ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Mas Mataas na Antas ng Edukasyon at Lagpas Pa**<br>**- Pagpoproseo ng Impormasyon Para sa Komunikasyon**<br>**- Mga Gawaing Pangkomunikasyon ng mga Pilipino**<br>**- Mga Napapanahong Isyung Lokal at Nasyonal**<br>- Korapsyon<br>- Konsepto ng Bayani<br>- Kalagayan ng serbisyong pabahay, pangkalusugan, transportasyon, edukasyon atbp.<br>- Bagyo, baha, polusyon, mabilis na urbanisasyon, malawakang pag(ka)wasak ng/sa kalikasan, climate change atbp.<br>- Kultural/politikal/lingguwistikong/ekonomikong dislokasyon/ displacement/marhinalisasyon ng mga lumad at i ba pang katutubong pangkat/pambansang minorya, mga maralitang tagalungsod (urban poor), manggagawang kontraktwal, magsasaka, tindero/a, tsuper ng dyip at traysikel, kabataang manggagawa, out-of-school youth, migrante atbp. sa panahon/bunsod ng globalisasyon<br>- Kahirapan, malnutrisyon, (kawalan ng) seguridad sa pagkain<br>**- Mga Tiyak na Sitwasyong Pangkomunikasyon** |
| **Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran** | **- Filipinolohiya: Kahulugan at Kalikasan ng Kamalayang Bayan**<br>- Wikang Filipino at/ay Diskursong Makabayan (nasyunalismo)<br>- Wikang Filipino at /ay Mamamayan<br>- Wikang Filipino at/ay Agham-Bayan |

| | |
|---|---|
| | **- Filipinolohiya: Kalagayan ng Halagahan Batay sa Sitwasyong Pangkultura, Pangwika at Panlipunan sa Pilipinas at ibang bansa**<br>**- Filipino sa Pambansang Kaunlaran**<br>- Kasaysayan ng Industriya sa/ng bansa<br>- Kalagayan ng Pambansang Industriya ng Pilipinas at ibang bansa<br>- Agrikultura at Pagsasaka<br>- Pagkain at Kalusugan<br>- Langis at Enerhiya<br>- Pagmimina<br>- Transportasyon at Komunikasyon<br>- Pabahay at Imprastraktura<br>- Turismo<br>- Pananalapi<br>- Edukasyon<br>- Teknolohiya at iba pa<br>- Ugnayan ng Filipinolohiya at mga Industriya sa Pilpinas<br>**- Introduksyon sa Industriyal na Pananaliksik at Pananaliksik Kritika sa Industriya (critical paper on industry)** |
| **Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan** | **- Ang Wika sa Lipunan**<br>- Iba't ibang Pananaw sa Ugnayan ng Wika at Lipunan<br>- Sosyolinggwistika<br>- Sosyolohiya ng Wika<br>- Antropolohikong Linggwistika<br>- Etnolinggwistika<br>**- Mga Estruktura ng Wika sa Lipunan**<br>- Panlipunang Estruktura ng Wika<br>- Mga Konseptong Pangwika<br>- Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Lipunang Filipino<br>**- Ang Kultura at Lipunan**<br>**- Mga Natatanging Kultura ng mga Grupo sa Pilipinas**<br>**- Mga Etnolonggwistikang Pangkat sa Pilipinas** |

***Metalinggwistik na Pagtalakay sa Wika.*** Kapansin-pansin ding lagpas na sa pagtuturo ng linggwistika ang mga kurso sa Filipino. Sa mga paksa, tinatalakay ang wika na nakakonteksto sa lipunan at kaugnay ng ibang disiplina gaya ng antropolohiya, sosyolohiya, kasaysayan, negosyo at komersiyo, at iba pang larangan ng kaalaman. Nagiging daluyan na lamang ang wika upang pataasin pa ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mahahalagang isyung panlipunan.

***Pagtuturo ng Wikang Angkop sa Interes at Pangangailangan ng Institusyon at Rehiyon.*** Isang kalakasan din ng mga silabus sa Filipino ang pagtugon nito sa mga paksang may kinalaman at kapakinabangan sa

rehiyong kinalulugaran ng mga akademikong institusyon. Partikular na mapapansin ito sa "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" ng Mindanao State University na tumutugon sa isyung kultural at pangkapayapaan sa Mindanao. Bagama't hindi tiyak na nakalagay sa silabus ang mga babasahing may kinalaman sa mga napapanahong usaping pangkapayapaan, mahihinuha sa layunin at paksa na bahagi ito ng magiging talakayan. Ganito rin ang kaso ng kursong "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" na tumutugon naman sa kalikasan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas bilang institusyon. Binibigyang-diin ng mga paksa ang halaga ng paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan ng industriya na nauugnay sa konsentrasyon at programa ng mga mag-aaral. Nakabatay sa programa at kolehiyo ng mag-aaral ang pagtutuunan niyang paksa ng pananaliksik. Naaayon ito sa ideya ni Kumaravadivelu (2001) na mahalaga ang partikularidad, praktikalidad at posibilidad sa prinsipyong pedagohikal. Itinataguyod niya ang "pedagohiyang sensitibo sa konteksto, ispesipiko sa lokasyon na nakabatay sa pag-unawa sa lokal na wika, sosyo-kultural at politikal na partikularidad." (p. 544).

***Paggamit ng mga Awtentikong Materyales at Babasahin sa Talakayan***. Sa silabus ng dalawang kurso na "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" at KOMFIL, interesante ang mga babasahing pagmumulan ng mga talakayan at materyales na susuriin sa klase. Kinabibilangan ito ng mga awit, tula, artikulo sa radyo at magasin, praymer, dokumento ng pamahalaan, dokumentaryo, maikling pelikula, sipi ng palabas sa telebisyon, social media pages, at mga pananaliksik sa araling kultural na makikita sa mga journal sa Filipino. Mapapansin din ang maingat na pamimili ng mga babasahing kritikal at may adhikaing makabayan.

***Adbokasiyang Pangwika Bilang Salalayan.*** Sa kursong KOMFIL, tatalakayin sa introduksyon sa kurso ang kasaysayan ng pakikibaka ng Tanggol Wika bilang konteksto ng pagkabuo ng kurso. Magandang pamamaraan ito upang maisakatuparan ang isa sa mahahalagang layunin sa pagkatuto na "Makapag-ambag sa pagtataguyod ng wikang Filipino bilang daluyan ng makabuluhan at mataas na antas ng diskurso na akma at nakaugat sa lipunang Pilipino, bilang lunsaran sa mas mabisang pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan ng ibang bansa." Mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral ang halaga ng patuloy na paggigiit at pagtatanggol sa Filipino.

## Pamamaraan: Pagiging Katuwang ng mga Mag-aaral sa Konstruksiyon at Produksiyon ng Kaalaman

Ang mga pamamaraang nakatala sa mga silabus ay kakikitaan ng sentral na papel ng mga mag-aaral sa paglikha ng kaalaman. Pinag-isipang mabuti ang disenyo ng mga gawain at karanasan sa pagkatuto na hahasa sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang KOMFIL ay kinapapalooban ng mga gawain gaya ng pangkatang talakayan, panonood at pagsusuri ng dokumentaryo at pelikula, lektyur-worksyap, komparatibong pagsusuri ng mga artikulong pananaliksik at barayti ng wika sa pahayagan, pakikinig at pagsusuri ng musika, interbyu, pagsusuri ng mga ekspresyong lokal, pangkatang pag-uulat, at diskusyong panel. Ang lahat ng ito ay magpapaunlad ng kasanayan sa pakikipagdiskurso. Diyalohio ang katangian ng mga talakayan at karaniwang mag-aaral ang magbabahagi ng kanilang mga pananaw at pagsusuri sa pamamagitan ng pakikipagdiskurso sa mga kamag-aaral at guro.

Eksperiyensiyal naman o nakabatay sa pagdanas ng realidad ang kalakasanng pamamaraan sa pagkatuto na makikita sa silabus "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran." Ang pagsasagawa ng kritikal na papel at pananaliksik tungkol sa isang industriya ay kinasasangkutan ng interaksiyon, partisipasyon, imersiyon at dokumentasyon ng tiyak na industriya batay sa programang kinabibilangan ng mag-aaral (J. Adaya, personal na komunikasyon, Setyembre 26, 2021). Ganito rin ang katangian ng pananaliksik na gagawin ng mga mag-aaral sa kursong "Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan" kung saan magsasagawa sila ng partisipatibong pagmamasid at pakikipanayam sa tiyak na grupo ng mga indigenous people sa kanilang komunidad (M. Sandoval, personal na komunikasyon, Setyembre 29, 2021).

Nakadisenyo sa mga kurso ang paghahasa sa kasanayang kritikal ng mga mag-aaral na magbigay ng solusyon sa mga suliranin. Kadalasang nagsisimula sa mga suliraning panlipunan ang mga paksa ng pananaliksik na ibinibigay sa kurso at sa pamamagitan ng pananaliksik ay sisikapin itong tugunan ng mga mag-aaral.

Ang pagiging demokratikong espasyo ng klase sa pamamagitan ng pagpapadaloy sa mga talakayan at iba pang bahagi ng ugnayan ng guro at mag-aaral ay hindi na nasasaklaw ng pagsusuri sa silabus. Gayun man, mahihinuha sa mga paksa at nakatalang pamamaraan na magbibigay ng malaking pagkakataon ang disenyo ng instruksiyon upang malayang makapagpahayag ang mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng wika at mga nakadisenyong karanasan ng pagkatuto sa mga kursong sinuri ay tumatalima sa mga katangian ng kritikal at transpormatibong pagkatuto batay sa mga tinukoy nina Kasworm at Bowles (2012). Una, kinakitaan ito ng mga pagpapaunlad ng kakayahan sa pansariling repleksiyon at pagiging bukas sa mga pananaw na bumabangga sa nakagawiang paniniwala. Upang maisakatuparan ito, isasagawa ng mga mag-aaral ang pagsulat ng repleksiyong papel, sanaysay, blogs o iba pang gawain na nakabatay sa karanasan gaya ng mga pagsasadula na nakatutok sa mga kultural na karanasan at umiikot sa usapin ng lahi, kasarian, uri, kapangyarihan at pribilehiyo. Ikalawa, mahalaga rin ang kritikal na repleksiyon na maaaring mahasa sa pamamagitan ng paggawa ng mga proyekto sa pananaliksik, kolaboratibong proyekto sa pagsulat, pagbuo ng critique o paggamit ng mga kritikal na ebalwasyon upang suriin ng mga mag-aaral ang sariling palagay, mga nakaraang karanasan at pananaw sa daigdig. Ikatlo, kapansin-pansin na gumamit ng mga sining, panitikan, pelikula at drama bilang mga kagamitan sa transpormatibong pagkatuto at upang imulat ang mga mag-aaral sa iba't ibang realidad, konteksto at perspektiba. Sa pamamagitan ng piksyon na may kinalaman sa panlipunang hustisya, tataas ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mga istruktura sa lipunan na nagpapanitili at nagpapatindi sa di-pagkakapantay-pantay.

## Pagtatasa sa Pagkatuto: Pagbuo ng Pinal na Proyektong Mapanghamon sa mga Tanggap nang Diskurso

Ang tatlong kursong sinuri ay nakadisenyo batay sa pagbuo ng proyekto (project-based) – pagbuo ng pananaliksik ang pangkalahatang proyekto ng mga kursong "Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran" at "Wika at Kultura sa Malayang Lipunan" at pagsasagawa ng lecture-forum

naman para sa KOMFIL. Ang lahat ng natutuhang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa buong semestre ay ilalapat nila sa pagbuo ng pangkalahatang proyekto. Ang pagkatutong nakabatay sa pagbuo ng proyekto ay isang pagdulog sa instruksiyon na maaaring gamitin sa kritikal na pagtuturo ng wika. Dito, hinayaan ang mga mag-aaral na bumuo ng magkakaugnay na mga gawain at proseso na dudulo sa pagbuo ng isang pangkalahatang awtput. Layunin din nitong palakasin ang kolaborasyon sa halip na kompetisyon at pinapaunlad ang iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral na magagamit sa tunay na buhay. Sa pamamagitan ng pagbuo ng proyekto, binibigyang-kapangyarihan ang mga mag-aaral na tumuklas ng kaalaman at dinedesentralisa ang kapangyarihan ng guro sa loob ng klasrum.

Kapansin-pansin na sa dalawang naunang kurso, bahagi pa rin ng magiging pagtatasa ang tradisyonal na pagsusulit ngunit mas malaking bahagi na ng pagmumulan ng grado ng mga mag-aaral ang pagbuo ng proyekto at iba pang gawaing performance-based.

## Kongklusyon at Rekomendasyon: Nagpapatuloy na Hamon sa Kritikal na Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika

Naipakita sa pagtalakay na kakikitaan ng mga batayang prinsipyo ng kritikal na pagtuturo ng wika ang tatlong bagong kurso sa Filipino sa kolehiyo. Batay sa pagsusuri ng mga layunin, mga tema at paksa, pamamaraan at pagtatasa, napatunayang malaki ang potensiyal ng mga sinuring kurso sa wika sa paghawan ng kritikal at transpormatibong pagtuturo ng Filipino sa mataas na antas ng edukasyon. Malaki ang naging impluwensiya ng pakikibaka ng Tanggol Wika sa mga miyembrong akademikong institusyon sa naging tunguhing kritikal ng mga kursong ito. Ang pagpapataas ng kamalayan ng mga guro at mag-aaral sa proseso ng paggigiit para sa Filipino ay nasalamin sa mga kurso. Mula sa pakikibaka sa lansangan para sa Filipino tungo sa politikal na gawain ng pagtuturo, marapat na bigyang-diin ang sumusunod:

- Ang pagtuturo ng wika ay integral na bahagi ng pagkatao at pagkabansa. Kailangang bigyang-diin sa mga mag-aaral na kapag unti-unting pinatay ang Filipino sa kurikulum, iwinawaksi ang sariling pagkatao at pagkabansa.

- Ipakita ang mahigpit na ugnayan ng wika, politika at ekonomiya. Sa pamamagitan nito, maisasakonteksto ang pag-aaral ng wika sa neoliberal na patakaran sa politika at ekonomiya ng bansa at potensyal nito sa transpormasyong panlipunan.

- Kailangang maging mapanghamon sa mga institusyong pangwika at pang-edukasyon. Mahalagang laman ng mga aralin sa Filipino ang kasaysayan ng pakikibaka para sa sariling wika. Sa ganitong paraan, maipakikita ang halaga ng aktibong pakikisangkot sa pagbuo ng iba't ibang polisiyang pangwika sa edukasyon at bansa. Kailangan ding patuloy na magbantay ang mga guro at mag-aaral ng Filipino. Nagpapatuloy pa ang mga rebisyon sa kurikulum at banta ng tuluyang pagtatanggal sa mga asignaturang Filipino. Laging balikan ang aral sa naging karanasan ng Tanggol Wika na mahalaga ang sama-samang pagkilos at pagpapataas ng kamalayan ng mga guro at mag-aaral.

- Palaganapin pa ang mga kurso sa Filipinong ginagabayan ng kritikal na pagtuturo ng wika. Malalimang saliksikin kung paanong mapapabuti ang pagtuturo sa pamamagitan ng mga empirikal na pananaliksik sa aktuwal na karanasan sa klasrum.

*Si **Crizel Sicat-De Laza** ay kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Language Education Area ng UP Kolehiyo ng Edukasyon. Tinatapos niya ang kanyang doktorado sa programang Ph.D. Filipino (Pagpaplanong Pangwika) sa UP Kolehiyo ng Arte at Literatura. Aktibong miyembro siya ng mga organisasyong pangwika at isa sa mga nagtatag ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA).*

**Talahuli**

[1] Bagama't sinasabi rin sa pahina 6 ng naturang CMO na: "The general education courses maybe taught in English or Filipino," ay hindi naman sineseryoso ng mga kolehiyo at unibersidad ang pagtuturo ng iba't ibang asignaturang ito sa Filipino dahil maka-Ingles ang kalakhan sa mga akademikong institusyon sa Pilipinas. Sa katunayan, mayroon ding katulad na tala sa midyum ng pagtuturo ang CMO No. 4 S. 1997 na naglalaman ng lumang polisiya sa GE sa kolehiyo. Sa kabila nito, ang "Panitikan ng Pilipinas/Literature of the Philippines" na maaaring ituro sa Filipino o Ingles ay itinuturo sa mayorya ng mga kolehiyo at unibersidad sa wikang Ingles kahit pa nga mas malawak na ang panitikan ng Pilipinas na nasusulat sa Filipino.

[2] Hindi pinahintulutan ng mga kinauukulan na maisama sa Apendiks ang kabuuan ng kanilang mga silabus. Gayunpaman ay maaaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Filipinolohiya ng PUP Manila at Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika ng MSU-IIT upang makakuha ng kopya ng mga silabus. Ang Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino ay makikita sa https://www.researchgate.net/publication/320987192_MGA_BAGONG_SILABUS_SA_FILIPINO_SA_KOLEHIYO

[3] Ang naging konsultasyon sa DOLE ay hinggil sa nakaambang pagkawala ng trabaho o pagbaba ng kita ng libo-libong gurong maaapektuhan ng pagbabago sa kurikulum.

**Mga Sanggunian**


Abad, M. (2007). Neoliberalistang pagpaplanong pangwika: Tungo sa komodipikado at episyenteng pagpapahayag. Kina B. Lumbera, R. Guillermo at A. Alamon (Eds.), *Mula tore patungong palengke: Neoliberal education in the Philippines* (pp. 211-226). CONTEND, ACT, IBON Philippines.

Abueva, J. (1995). *Filipino sa siglo 21*. UPD Sentro ng Wikang Filipino.

Albason, C. (2019). Pagsasalin sa kontekstong Filipino: Mungkahing asignaturang Filipino sa kolehiyo na nakasalig sa makamasa at siyentipikong edukasyon tungo sa makabayang edukasyon. *Kawing (Refereed Journal ng PSLLF), 3*(2), 26-49.

Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika). (2021). National survey on the situation of Filipino and Panitikan in college: data in aid of legislation for House Bill 223 and Senate Bill 1838. https://tanggolwika.org/2021/04/25/national-survey-on-the-situation-of-filipino-and-panitikan-in-college-2021-data-in-aid-of-legislation-for-house-bill-223-and-senate-bill-1838/?fbclid=IwAR0wcPP58Fx5nM5thqx4I5HKuyaW4Ef_TV1r9htVcBHF0i-H8AaVTWccPxw

Anot, J. (2020). SWOT Analysis ng konseptwalisasyon ng silabus sa Filipino ng Far Eastern University. *Kawing (Refereed Journal ng PSLLF), 4*(2), 75-93.

Bourdieu, P. (1991). *Language and symbolic power*. Polity Press.

Campoamor, G. (2007). The pedagogical role of English in the reproduction of labor. Kina B. Lumbera, R. Guillermo at A. Alamon (Eds.), *Mula tore patungong palengke: Neoliberal education in the Philippines* (pp. 199-210). CONTEND, ACT, IBON Philippines.

Commission on Higher Education. (2018). *Policy on the offering of Filipino and Panitikan subjects in all higher education programs as part of the new general education curriculum* (CHED Memorandum Order No. 04 Series 2018). CHED Central Office Records Section.

Commission on Higher Education. (2013). *General education curriculum: Holistic understandings, intellectual and civic competencies* (CHED Memorandum Order No. 20 Series 2013). CHED Central Office Records Section.

De Quiros, C. (1996). Ang kapangyarihan ng wika, ang wika ng kapangyarihan. *Daluyan Journal*, *VII*(1-2), 28-33. Sentro ng Wikang Filipino.

Deveci, T. (2014). The transformative learning experiences of learners of English as a foreign language at a university preparatory programme. *Transformative Dialogues: Teaching and Learning Journal*, *7*(3),. https://www.kpu.ca/sites/default/files/Transformative%20Dialogues/TD.7.3.3_Deveci_Transformative_Learning_ Experiences-Learners_of_English.pdf

Freire, P. (1970). *Pedagogy of the oppressed* (30th Anniversary Edition). The Continuum International Publishing Inc.

Kasworm, C. & Bowles, T. (2012). Fostering transformative learning in higher education settings. In E. Taylor & P. Cranton (Eds.), *The handbook of transformative learning: Theory, research, and practice.*https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=AAcStCwxPm4C&oi=fnd&pg=PA388&dq=kasworm+and+bowles+2012+critical+language+teaching&ots=IxUNj8BusU&sig=xTvNOuXqBYWrrrqQ2FwhqLkbt4&redir_esc=y#v=onepage&q&f=false

Kumaravadivelu, B. (2003). Critical language pedagogy: A postmethod perspective on English language teaching. *World Englishes, 22*(4), 539-550.

Lumbera, B. (2000). *Writing the nation, pag-akda ng bansa.* University of the Philippines Press.

Manson, B., Poitras, E. & Hong, Y. (2010). Enhancing language skills and fostering perspective transformation in adult ESL education: A transformative learning approach. *Adult Education Research Conference Proceedings.* https://newprairiepress.org/cgi/viewcontent.cgi?article=3708&context=aerc

Mezirow, J. (1991). *Transformative dimensions of adult learning.* Jossey-Bass.

Saguinsin, I. (2019). Araling Pilipino bilang general education subject ng Bulacan State University: Panimulang makabayang pagsusuri. *Kawing (Refereed Journal ng PSLLF). 3*(2), 50-69.

San Juan, D. (2019). *Suri, saliksik, sanay: Mga babasahin sa wika, panitikan at lipunang Pilipino*. UP Diliman Sentro ng Wikang Filipino. https://www.swfupdiliman.org/project/suri-saliksik-sanaysay/

San Juan, D. (2013). A luta continua! Ang kasalukuyang pakikibaka para sa pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo. *Diliman Review*, *60*, 1-4. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/dilimanreview/article/view/4861

Tollefson, J. (2006). Critical theory in language Policy. Kay Thomas Ricento (Ed.), *An Introduction to Language Policy: Theory and Method (*pp. 42-59). Oxford: Blackwell Publishing Ltd.